

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nananalo ang Lungsod ng Brampton ng prestihiyosong pinansyal na award

BRAMPTON, ON (Marso 8, 2022) – Para sa ika-20 sa magkakasunod na mga taon, ang Lungsod ng Brampton ay nanalo sa Canadian Award for Financial Reporting (CAnFR) mula sa Government Finance Officers Association (GFOA) ng Estados Unidos at ng Canada.

Ang CAnFR award, ipinresenta para sa 2020 [Taunang Pinansyal na Report](#) ng Lungsod, ay kumikilala sa kahusayan ng accounting at pinnasyal na reporting ng pamahalaan, at kumakatawan sa mahalagang napagtagumpayan ng isang lokal na pamahalaan at ng pangasiwaan nito.

Nanalo ang Brampton sa CAnFR award sa pamamagitan ng paglampas sa minimum na hinihingi ng Generally Accepted Accounting Principles (GAAP) na itinakda ng Public Sector Accounting Board (PSAB) ng Chartered Professional Accountants (CPA) ng Canada, at sa pamamagitan ng paghahanda sa komprehensibo at de-kalidad na taunang pinansyal na report, na nakaugat sa diwa ng transparency at ganap na pagsisiwalat.

Ang CAnFR Award Program ay itinatag para hikayatin ang mga pamahalaan ng munisipalidad sa Canada na maglathala ng de-kalidad na mga pinansyal na report at para makapagbigay ng pagkilala sa mga kasamahan at teknikal na tagubilin para sa mga opisyal na naghahanda ng mga report na ito.

Ang taunang pinansyal na report ay pinasyahan ng walang kinikilingang mga miyembro ng Canadian Review Committee na nakakatugon sa mataas na mga pamantayan ng programa, kabilang ang pagpapakita ng constructive na “diwa ng ganap na pagsisiwalat” na dinisenyo para malinaw na maipaabot ang pinansyal na kuwento ng Brampton at para hikayatan ang potensyal na mga user at mga user group na basahin ang report.

Mga Quote

“Ang pananalo ng prestihiyosong CAnFR award para sa pinansyal na reporting ay kumikilala sa ating commitment sa ganap na transparency at mabuting pampinansyal na mga gawi, at nagpapatibay sa posisyon ng Brampton habang patuloy nating hinihikayat ang pamumuhunan. Proud tayo na natanggap ng Lungsod ang award na ito para sa ika-20 sa magkakasunod na taon.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang makatugon sa mahigpit na mga hinihingi ng CAnFR program ay nangangailangan ng malaking commitment mula sa ating staff na nakikipagtulungan para maihanda ang ating Taunang Pinansyal na Report. Proud tayo na naipanalangin ng Brampton ang award na ito sa ika-20 ng magkakasunod na taon at binabati ang lahat na kaugnay sa pagtitipon ng report.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang CAnFR award ay kumakatawan sa mahalagang napagtagumpayan ng Lungsod ng Brampton at ng pangasiwaan nito. Ang Brampton ay isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, at committed

tayo sa mga prinsipyo ng transparency at ganap na pagsisiwalat. Ang award na ito ay patunay sa mataas na pamantayan ng ating mga staff at Lungsod sa pinansyal na reporting.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca